



SARIN

Hawaii State Department of Health

www.hawaii.gov/doh

Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni
tumawag sa 2-1-1

Ano ang sarin?

Isang mapanganib na kemikal na gawa ng tao ang sarin na lumalason sa “nervous system” at nagpapatigil sa maayos ng pagtakbo ng katawan. Ito ay walang kulay, at walang lasang likido na walang amoy sa pinakadalisay na kaanyuan. Ang sarin ay madaling sumingaw at kumalat sa paligid. Ito ay kilala rin bilang GB.

Ano ang mga palatandaan ng pagkalantad sa sarin?

Ang mga taong nalantad sa sarin ay maaaring magkaroon ng sumusunod na mga palatandaan sa loob ng ilang segundo o oras pagkatapos ng pagkalantad:

- Madalas na pagsipon
- Matubig na mga mata
- Panlilit ng mga balintataw
- Panlalabo ng mga mata
- Paglalaway
- Madalas na pagpapawis
- Pag-ubo at paninikip ng dibdib
- Mabilis na paghinga
- Pagtatae
- Madalas na pag-ihi
- Pagkalito
- Pagkahilo
- Panghihina
- Pagsakit ng ulo
- Pagkahilo
- Pagkaalibadbad
- Pagsusuka
- Pagsakit ng tiyan
- Mahina o mabilis na pagtibok ng puso
- Pagbiglang pagtaas at pagbaba ng presyon ng dugo

Papaano nalalantad ang mga tao sa sarin?

- Pagkatapos sumingaw ang sarin sa hangin, ang mga tao ay maaaring malantad sa pagkapit nito sa balat, mata, o paglanghap ng kemikal.
- Ang mga tao ay maaari ring malantad sa pamamagitan ng kanilang pagkain at tubig na kontaminado ng sarin o di kaya’y sa pamamagitan ng pagkapit sa balat ng kontaminadong tubig.

Tagalog

- Ang singaw ng sarin ay maaari ring dumikit sa damit ng isang tao ng may 30 minuto pagkatapos malantad. Dahil dito mas maraming tao ang makakapitan ng kemikal.
- Dahil mas mabigat ang singaw ng sarin kaysa sa hangin, ito ay dumadampi sa mga mabababang lugar at nagdudulot ng mas malaking pagkakataon mailantad ang lason doon.

Ano ang dapat gawin kung ikaw ay nalantad sa sarin?

Kung inaakalang ikaw ay nalantad, iwanan kaagad ang lugar kung saan ang sarin ay sumingaw at magpunta sa lugar na may sariwang hangin. Kapag ang pagsingaw nito ay nasa labas, umalis kaagad at magpunta sa mas mataas na lugar. Kapag ang pagsingaw nito ay nasa loob, umalis kaagad sa gusali. Alisin kaagad ang mga nakapitang kasuotan at hugasan ang buong katawan ng sabon at tubig.

- Anumang kasuotan na kinakailangan hilahin sa ibabaw ng ulo ay nararapat na putulin sa katawan upang maiwasan ang mas malawak na pagkapit nito sa ibang bahagi ng katawan. Ibalot ng dalawang beses ang kasuotan sa loob ng plastic bag.
- Kapag ang mga mata ay mahapdi at ang paningin ay malabo, hugasan ito ng tubig mula 10 hanggang 15 minuto.
- Kapag ang sarin ay nalunok, huwag pasukahin o bigyan ng anumang tubig.
- Humanap kaagad ng saklolong medikal.

Papaano ginagamot ang pagkalantad sa sarin?

Ang paggamot nito ay kinapapalooban ng pag-alis ng sarin sa buong katawan, pagbigay ng sariwang hangin o oxygen upang makahinga kaagad, at pagbibigay ng suportang medikal sa ospital. Mayroong mga pangontrang gamot sa sarin. Ito ay epektibo kung ibibigay kaagad pagkatapos nang pagkalantad.

Papaano malalaman na ikaw ay nalantad sa sarin?

Ikaw ay nalantad sa sarin kapag ikaw ay nasa lugar na kung saan ito sumingaw at ikaw ay nakadarama ng madalas na pagsipon, matubig na mata, paglalaway, walang patid na pagpawis, at kahirapan sa paghinga pagkatapos ng ilang minuto sa paglantad.

Saan makikita ang sarin at papaano ito ginagamit?

- Ang sarin ay hindi karaniwang nakikita sa paligid.
- Ito ay nabuo bilang isang pamatay-pesto noon 1938, ngunit hindi na ito ginagamit bilang pamatay-pesto.
- Ang natatanging kaalaman ng paggamit ng sarin sa kasalukuyan ay bilang sandatang kemikal.

Bakit mayroong pangamba tungkol sa paggamit sa sarin sa pagsalakay ng mga terorismo?

Ang sarin ay madaling sumingaw at kumalat sa paligid. Dahil ito ay malinaw, walang kulay, at walang amoy, mahirap itong malaman kaagad hanggang nailantad na ang mga tao dito. Ang mga produktong nakakapagpahina sa nervous system ay ang pinakamatinding lason na kinikilala sa mga sandatang kemikal at madaling pumatay sa mga nalalantaran nito.

Gayundin, ang sarin ay nagamit na bilang sandatang pangterorismo sa mga nakalipas na pagsalakay:

- Sa bansang Hapon noong 1994-1995 ng grupong Aum Shinrikyo.
- Digmaang Iran-Iraq noong mga panahon 1980s.

Maaari bang tablan ng sarin ang mga alagang hayop?

Ang mga alagang at iba pang mga hayop ay tinatablan ng sarin. Kung inaakalang nalantad sa sarin ang inyong mga alaga o ibang hayop tawagan kaagad ang inyong beterenaryo.

Ano ang mga palatandaan ng SARIN

Madalas na pagsipon
Matubig na mga mata
Panlilit ng mga balintataw
Panlalabo ng mga mata
Paglalaway
Madalas na pagpapawis
Pag-ubo at paninikip ng dibdib
Mabilis na paghinga
Pagtatae
Madalas na pag-ihi
Pagkalito
Pagkahilo
Panghihina
Pagsakit ng ulo
Pagkahilo
Pagkaalibadbad
Pagsusuka
Pagsakit ng tiyan
Mahina o mabilis na pagtibok ng puso
Pagbiglang pagtaas at pagbaba ng presyon ng dugo

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang
Aloha United Way 2-1-1

www.hawaii.gov/doh

o www.cdc.gov

Tagalog

Ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglalayong mabigyan ng pagkakataong ang lahat na walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan (kabiliang dito ang wika), gulang, seks, relihiyon, o kapansan sa kanilang mga programa at aktibidades.

Sumulat o tumawag sa Affirmative Action Officer sa P.O. Box 3378, Honolulu, HI 96801-3378 o magiwan ng mensahe sa (808) 586-4616 sa loob ng 180 araw ng suliranin.